



UNITED CHURCH of CHRIST in the PHILIPPINES

KAAYUSAN NG PAGSAMBA
Enero 3, 2016

TUGTUGIN NG PAGHAHANDA

ISIPIN ITO: "Arise, shine; for your light has come, and the glory of the Lord has risen upon you." **Isaiah 60 : 1 RSV**

AWIT MAGPURI SA DIYOS HFJ No.10
Magpuring may awit tayo sa Diyos, sa biyayang kanyang dulot;
Magpuring may awit tayo sa Diyos, sa biyayang kanyang dulot.
KORO: Pagpapalang di masayod, sa buong maghapon umagos
Magpuring may awit, magpuri't maglingkod, magpuri sa ating Diyos.
Magpuring may awit tayo sa Diyos, sa Anak na kanyang handog;
Magpuring may awit tayo sa Diyos, sa Anak na kanyang handog.
Magpuring may awit tayo sa Diyos, sambahin S'ya at maghandog;
Magpuri't maglingkod tayo sa Diyos, sa biyayang kanyang dulot.

ANYAYA SA PAGSAMBA (Mga Awit 72: 1 – 7 MBB)

Patnugot: Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran, sa taglay mong katarungan, O Diyos, siya'y bahaginan.

Kapulungan: Upang siya'y maging tapat mamahala sa 'yong bayan, at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay.

Patnugot: Ang lupain nawa niya'y umunlad at managana; maghari ang katarungan sa lupain nitong bansa.

Kapulungan: Maging tapat itong hari sa paghatol sa mahirap at ang mga taong wala'y pag-ukulan ng paglingap; yaon namang nang-aapi ay malupig at bumagsak.

Patnugot: Nawa sila ay maglingkod, silang lahat mong hinirang, hangga't mayro'ng namamalas na sikat ng buwa't araw.

Kapulungan: Hari nila ay matulad sa ulan ng kaparangan; bumubuhos kung dumating sa lupain yaong ulan.

Lahat: Yaong buhay na mat'wid sa kanyang kapanahunan, madama ng bansa niya at umunlad habang buhay.

† AWIT NANG UNA PA SA TRONO NG L'WALHATI MASP # 124
Nang una pa, sa trono ng l'walhati, na ngayo'y aming pinagbubunyi;
Pag-ibig Mo ay hindi mapapawi, tanglaw ng buhay namamalagi.
Aming Ama, sa 'min ay nangunguna, sa lahat ng araw ay kasama;
Sa panganib nagsasanggalang t'wina, ngayon kami sa 'Yo'y sumasamba.
Aming Jesus, sa ami'y nagliligtas, pag-ibig Mo ay parating wagas;
Sa masama S'ya ay nagpapamalas, ng pagliyang walang katulad.
Espiritung nagbibigay ng buhay, sa mahina'y kalakasang tunay;
Mula sa 'Yo biyaya'y walang humpay, na may taglay na kasaganaan.
O Trinidad na kabanalbanalan, sinasamba na may kagalakan;
Samo namin kami nawa'y samahan sa lahat ng araw ay ingatan.

† PANALANGING PANIMULA

PATNUGOT

MGA BALITA AT MALASAKIT NG IGLESYA

PANALANGING PANGKALAHATAN

TUGONG AWIT

AMA NAMIN

Diyos na magulang, Banal ang ngalan, pamamayani ay sumaaamin
Gawin nawa ang 'yong kalooban sa lupa gaya ng sa langit.
Ipagkaloob ngayon sa amin ang araw-araw naming kakanin
Kami sa sala ay patawarin, nagpapatawad sa kapwa rin
H'wag mong sa tukso kami'y tulutan kundi iligtas sa kasamaan,
Pamamayani, kapangyarihan, kal'walhatian iyong tanan.

ARALIN SA BIBLIA (Babasahing tugunan)

Isaia 60: 1 – 6; Efeso 3: 1 -12

† GLORIA DEI

Ang Ama'y papurihan, at ang Anak, at ang Espiritu

Buhat pa sa unang mula, ngayo't magpakaylanman, walang hanggan, Amen, Amen!

† BAGONG TIPAN

(Babasahing tugunan)

Mateo 2: 1 – 12

† TUGONG AWIT

ANG KASULATAN AY ILAW

MASP Blg. 188

Ang Kasulatan ay ilaw sa 'ting lalakaran, Tubig ng langit na bukal nating naglalakbay.

Pagkain ng kaluluwa at tunay na mana, Kababasahan tuwina ng bayang kayganda.

HANDOG NA AWIT

SERMON



THE LAST SUPPER

AWIT NG PAGDULOG ABA AKONG DI GASINO MASP # 40

Aba akong di gasino, na tinubos ng dugo mo
Lumalapit na totoo, sa 'yo O, Diyos na Kordero.
Sa aba kong kaluluwa, ang dugo mo ay sukat na,
Na makahugas sa sala, O! Kordero ng Diyos Ama.

ANG PAANYAYA

Tugong Awit:

SA IYONG HAPAG, O CRISTO

APH # 73

Sa 'yong hapag, O Cristo, ngayo'y lumalapit, at tatanggap ng palang kaloob ng langit;
Tinapay na kakanin, sagisag ng sakit na iyong dinanas dahil sa aming nawaglit.

ANG PAGTATALAGA NG MGA ELEMENTO

Tugong awit:

At sa dugong dumaloy nakita ang lihim; ang Diyos pala'y pag-ibig na di magmamaliw;
Sinugo ka, O Kristo upang kami'y tub'sin, sa gapos ng sala at upang mapalaya rin.

ANG KUWENTO NG BANAL NA HAPUNAN

Tugong awit:

Sa 'yong hapag, O Kristo, ngayo'y nangangako; maglilingkod na tunay at 'di maglalaho;
Tulungan mong umibig, malinis ang puso; ngayong lumalapit dinggin mo yaring pagsamo.

ANG PAKIKIBAHAGI SA BANAL NA HAPUNAN

† DAKILANG PASASALAMAT

ANYAYA SA PAGHAHANDOG

Patnugot - Roma 12: 1

ANG GAWAIN NG PAGHAHANDOG

† DOXOLOGY

Praise God from whom all blessings flow; Praise God, all creatures here below;
Praise God, above you heavenly hosts: Praise Father, Son & Holy Ghost. Amen

† PANALANGIN ng PASASALAMAT

AWIT

NASA NI JESUS SA AKIN

MASP # 305

(ang ikalawang paghahandog; 10 Piso-Puso para sa mga manggagawa)

Nasa ni Jesus sa akin ako ay magningning
Kahit anumang gagawin Siya'y lualhatiin.

**KORO: MAGNINGNING, MAGNINGNING ANG NAIS NIYA SA AKIN
MAGNINGNING, MAGNINGNING UPANG SIYA'Y PURIHIN.**

Ang kanyang nasa'y makitang magiliwan t'wina
Magalak at maligaya akong mahal Niya. (koro)

Ako'y kanyang tutulungan upang di masinsay
Kanyang ganda'y namamasdan sa kimkim na buhay. (koro)

Kay Jesus, magiging sinag ako'y magsisikap
Susundin ko bawat oras magpahanggang wakas. (koro)

† PANALANGIN NG PAGTATALAGA

† PAGPAPALANG APOSTOL

† TATLONG AMEN

† TUGTUGING PANGWAKAS

RESESYUNAL

GO NOW IN PEACE

Inihanda ni:

Reb. NATALIO N. CASTILLO
UCCP-IBAAN, BATANGAS